# KATARUNGANG PAMBARANGAY

&

# The Anti-Violence Against Women And Their Children Act




inihanda ng

Ateneo Law Student Council

na may partisipasyon ng Ateneo Human Rights Center

# Talaan ng mga Nilalaman

Ano ang Katarungang Pambarangay? ........ 1

Anong mga kaso ang maaaring Pakinggan ng lupon? ........ 2

Ang Proseso sa Katarungang Pambarangay ........ 3

Ano ang Anti-Violence Against Women & Their Children Act? ........ 4

Anong mga Gawain ang Mapaparusahan Bilang VAWC? ........ 5

Ano ang mga Tungkulin ng Barangay sa mga VAWC cases? ........ 6

Paano Magpatupad ng Protection Order sa Barangay? ........ 7

# ANO ANG KATARUNGANG PAMBARANGAY?

Ito ay isang pamamaaran nang pagresolba ng mga isyu sa loob ng pamayanan na pinangangasiwaan ng barangay. Tumutulong ang Punong Barangay at mga miyembro ng Lupong Tagapamayapa na maisaayos ang mga hidwaan sa pamamagitan ng *mediation*, *conciliation* o *arbitration*.

Ito ay itinatag at ipinag-uutos ng Presidential Decree 1508 at Batas Pambansa Blg. 337 o ang 1983 Local Government Code. Sa kasalukuyan, ito ay pinamamahalaan ng Republic Act No. 7160 o ang Local Government Code of 1991. Ang batas ay nagsasaad na —


> Walang reklamo, petisyon, aksyon, or pamamalakad na nasa loob ng mga siwasyong nasa loob ng awtoridad ng lupon ay papayagang maihain sa korte o kahit anong opisinang pang-gobyerno para sa desisyon, maliban na lang kung may inihirap na ang mga parido sa pinunong lupon o sa pangkat, at walang pagkakasundo ang naganap. Ito dapat ay may katunayan mula sa pinunong lupon or kalihim ng pangkat o kung ang pagkakasundo ay tinalikdaan.

# ANONG MGA KASO ANG MAARING PAKINGGAN NG LUPON?

Ang lupon ng bawat barangay ay may kapangyarihang dinggin ang mga kaso na namamagitan sa dalawang panig na naninirahan sa iisang munisipyo o lungsod upang magkaroon ng areglo. Maliban na lamang:

1. Kung ang isang partido ay ang gobyerno o anumang ahensya at opisina ng gobyerno kasama rin ang subdibisyon o instrumentalities nito;
2. Kung ang isang partido ay opisyal o empleyado ng gobyerno at ang hidwaan ay may kaugnayan sa kanyang opisyal na trabaho;
3. Sa mga krimen o paglabag sa batas na may parusang pagkakakulong na hindi hihigit sa isang (1) taon o multa na hindi bababa sa limang libong piso (5,000.00);
4. Mga paglabag kung saan walang pribadong taong nasaktan;
5. Kung ang paksa o subject ng hidwaan ay real property/ies na matatagpuan sa ibang lungsod o munisipyo, maliban na lang kung ang magkabilang partido ay nagkasundo na ayusin ang kanilang hindi pagkakaintindihan sa pamamagitan ng mapayapang usapan sa harap ng tamang Lupon;
6. Mga hidwaan sa pagitan ng mga taong actually residing sa barangay ng magkaibang lungsod o munisipyo maliban na lamang kung ang nasabing mga barangay ay matatagpuang magkatabi at ang bawat partido ay nagkasundo na aregluhin ang kanilang hidwaan sa pamamagitan ng mapayapang usapan sa harap ng tamang Lupon; at
7. Mga iba pang klase ng hidwaan na pagpapasiyahan ng Presidente para sa interes ng hustisya o sa rekomendasyon ng Secretary of Justice.

# ANG PROSESO SA KATARUNGANG PAMBARANGAY



# ANO ANG ANTI-VIOLENCE AGAINST WOMEN & THEIR CHILDREN ACT?



Ito ay isang batas na naka tungo sa pag bigay pansin sa pagdami ng karahasan sa mga bata at babae mula sa kanilang pinagkakatiwalaan na partner tulad ng kanilang asawa, ka *live-in*, dating asawa, dating ka *live-in*, *boyfriend/girlfriend*, *ex-boyfriend/ex-girlfriend*, ka-*date* o dating ka-*date*.

# SINO ANG MAARING KASUHAN?


- asawa
- dating asawa
- karelasyon, dating karelasyon (lalaki man o babae)
- mayroon o nagkaroon ng sekswal o "dating relationship"
- tatay ng anak

# ANONG MGA GAWAIN ANG MAPAPARUSAHAN BILANG VAWC?




## PISIKAL NA KARAHASAN

KABILANG DITO AY MGA PAGBABANTA NG PANGHAHAMPAS, PANGA-ATAKE, PAMIMILIT, PANGHA-HARASS, O PAGTANGGAL NG KALAYAAN.



## SEKSWAL NA KARAHASAN

KABILANG DITO ANG RAPE, SEXUAL NA PAMAMANANTALA, PAMBABASTOS, SEKSWAL NA PANANALITA, PANGAATAKE NG MGA MASESELANG BAHAGI NG BIKTIMA, AT IBA PA.




## SIKOLOHIKAL NA KARAHASAN

KABILANG DITO ANG PANANAKOT, PANLILIGALIG, PANINIKTIK, PINSALA SA ARI-ARIAN, PANGUNGUTYA O PANGHIHIYA SA PUBLIKO, PAULIT-ULIT NA PANG-AABUSO SA SALITA AT PAGTATAKSIL SA ISIP.



## ABUSONG PAMPINANSYAL

KABILANG DITO ANG HINDI PAGBIGAY NG SUPORTA O PAGPIGIL SA PAGHAHANAP- BUHAY KUNG SAAN NAIS KONTROLIN ANG BIKTIMA SA PINANSYAL NA ASPETO.



# ANO ANG MGA TUNGKULIN NG BARANGAY SA MGA VAWC CASES?

- Magkaroon ng anti-VAWC desk officer sa barangay upang mag-ayos ng mga proseso at magsilbing one-stop help desk. Kung maaari, ang help desk na ito ay bukas bente kwatro oras;
- Siguraduhin na ang lahat ng mga opisyal ng barangay, mga barangay health worker, barangay nutrition scholar, iba pang mga manggagawa ng barangay at tanod o mga security officer ng barangay ay sasailalim sa mga gender sensitivity seminar upang siguraduhin na maayos ang pagresponde nila sa mga biktima ng pananakit;
- Magkaroon ng isang sistema upang isulat at isumbong ang mga kaso ng VAWC at upang makapagbigay ng kalinga sa mga biktima nito; at
- Kung maaari, maglatag ng karagdangang mga patnubay at pamantayan para sa isang VAW Desk Officer.


## SINO ANG MAAARING ITALAGA BILANG BARANGAY ANTI-VAWC DESK OFFICER?

Ang isang babaeng barangay kagawad o tanod ay maaaring maging Anti-VAW Desk officer.

## ANO ANG KAPANGYARIHAN NG BARANGAY?

Maaaring arestuhin ng mga opisyal ng barangay ang pinaghihinalaang salarin kahit walang warrant kapag nangyari ang alinman sa mga karahasan na tinukoy ng Batas na ito, o kapag mayroon siyang personal na kaalaman na ang anumang gawaing pang-aabuso ay nagawa pa lang, at may napipintong panganib sa buhay o paa ng biktima gaya ng tinukoy sa Batas na ito.

# PAANO MAGPATUPAD NG PROTECTION ORDER SA BARANGAY?



# Notes

na may partisipasyon ng

THE ATENEO HUMAN RIGHTS CENTER

Ateneo de Manila University Professional Schools Building, No. 20
Rockwell Dr, Rockwell Center, Makati, 1200 Metro Manila
https://ateneolawsc.com/